

**SERBISYONG PANG KOMUNIDAD NG DISTRITO NG EAST NILES**  
**PATAKARAN SA PAGTIGIL NG SERBISYO NG TUBIG**  
**DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

**EPEKTIBO PEBRERO 1, 2020**

Sa kabila ng iba pang mga patakaran, panuntunan, o ordinansa ng Serbisyong Pang Komunidad ng Distrito ng East Niles ("Distrito"), ang Patakaran sa Pagtigil ng Serbisyo ng Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad ("Patakaran") ay dapat ipatupad sa pagpapahinto ng residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad. Kung may anumang salungatan sa pagitan ng Patakarang ito at iba pang patakaran, panuntunan o ordinansa, ang Patakarang ito ay dapat mangibabaw.

**DELINGKUWENSYA:**

Ang lahat ng singil sa residensyal na serbisyo ng tubig na ibinigay ng Distrito ay dapat at nakatakdang bayaran pagdating ng bill (singil) dahil ito ay magiging delingkwente kapag hindi nabayaran sa loob ng dalawampung (20) araw mula sa petsa nang ito ay ipinadala sa koreo. Kapag naging delingkwente, may multa na \$5.00 na mapapataw sa hindi bayad na halaga. Karaniwan, ang paunawang ito ng hindi bayad na balanse at ipapataw na multa ay nakasaad sa susunod na buwang bill sa serbisyo. Ang mga kostumer na lumahok sa isang kasunduan sa pagbabayad bago sumapit ang susunod na pagsingil ay hindi papatawan ng multa sa pagkadelingkwente sa hindi nabayarang halaga ayon sa mga tuntunin ng kasunduan.

**PAGTIGIL NG SERBISYO:**

Hindi puputulin ng Distrito ang residensyal na serbisyo ng tubig dahil sa hindi pagbabayad kung ang pagkadelingkwente ng bayad ay hindi hihigit sa animnapung (60) araw. Bago ipatigil ng Distrito ang serbisyo ng tubig, ang mga sumusunod na paunawa ay ibibigay o pagsisikapang gawin:

1. **PAGPAPADALA NG SULAT NG PAUNAWA TUNGKOL SA PAGTIGIL NG SERBSYO (15 araw bago ang pagputol/45 araw matapos maging delingkwente):**

Kung ang bayad ay hindi natanggap sa loob ng apatnapu't limang (45) araw ng pagiging delingkwente, magpapadala ng paunawa sa tirahan ng kostumer kung saan ibinibigay ang serbisyo. Kung ang billing address ng kustomer ay naiiba sa address ng serbisyo, ang paunawa ay ipapadala sa address ng serbisyo at saka sa address na binibigyan ng residensyal na serbisyo, at naka-address sa "Occupant." Ang paunawa ay dapat naglalaman ng, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod na impormasyon:

- a. Pangalan at tirahan ng kostumer;
- b. Ang halagang hindi nabayaran (past due);
- c. Ang petsa kung kailan ang bayad o ang kasunduan sa pagbabayad ay dapat naisagawa na para maiwasan ang pagtigil ng serbisyo;

- d. Paglalarawan ng paraan sa paghiling sa pagpapahaba ng panahon sa pagbabayad ng delingkwenteng singil;
  - e. Paglalarawan ng proseso sa pagtutol o pag-apela ng singil;
  - f. Paglalarawan ng paraan kung paano makakahiling ang kostumer ng pagpapaliban, pagpapababa, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad, kasama na rin ang amortisasyon ng delingkwenteng singil sa residensyal na serbisyo; at
  - g. Numero ng telepono ng Distrito at web link sa nakasulat na patakaran ng Distrito sa pangongolekta.
2. 48-ORAS NA PAUNAWA SA PAGTIGIL NG SERBISYO (sa pamamagitan ng telepono at/o door hanger kasama ang kopya ng Patakarang ito):

Bilang karagdagan sa Paunawa sa Pagtigil ng Serbisyo, ang Distrito ay magbibigay ng 48-Oras na Paunawa sa Pagtigil ng Serbisyo (48-Hour Shut-Off Notice) na nagsasaad ng napipintong pagputol ng serbisyo ng tubig nang hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ito isagawa. Ang 48-Hour Shut-off Notice ay ipapaskil sa pinto at/o ipaaabot sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono na nasa talaan, at sasabihin sa kostumer na ang serbisyo ay ititigil kung ang bayad ay hindi matatanggap sa itinakdang petsa.

Kung hindi nakausap ng Distrito ang kostumer o sinumang may sapat na gulang na nakatira sa tahanan sa pamamagitan ng telepono, ang Distrito ay dapat gumawa ng lahat ng paraan upang bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o gumawa ng iba pang paraan para makapaglagay sa isang hayag na lugar ng isang paunawa tungkol sa nalalapit na pagtigil ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad at ng patakaran ng Distrito para sa pagtigil ng residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad.

Ang lahat ng singil sa serbisyo sa tubig dahil sa pagiging delingkwente at mga kaugnay na multa ay dapat na mabayaran sa Distrito pagsapit ng 2:00 p.m. sa araw na tinukoy sa 48-Hour Shut-Off Notice. Kung ang bayad ay hindi matanggap sa loob ng oras na nakasaad sa 48-Hour Shut-Off Notice, ang serbisyo ng tubig ay ititigil at hindi ibabalik hanggang ang lahat ng mga nararapat na bayarin at singil, kasama ang anumang mga bayad sa muling pagpapakonekta, ay nabayaran ng buo o nakipag-ayos ng alternatibong paraan ng pagbabayad alinsunod sa Patakarang ito.

#### **MGA ALTERATIBONG PLANO NG PAGBABAYAD:**

Ang sinumang kostumer na hindi nakabayad sa serbisyo ng tubig sa loob ng itinakdang panahon ng pagbabayad ay maaaring humiling, sa pamamagitan ng sulat, ng alternatibong paraan ng pagbabayad upang maiwasan ang mga multa o pagkagambala ng serbisyo. Isasaalang-alang ng Distrito ang kalagayan ng kostumer na nakaaapekto sa kahilingan at magpapasya kung ang alternatibong paraan ng pagbabayad ay dapat pagbigyan.

## **KINOKONTESTANG SINGIL O APELA:**

Upang ikontesta ang singil o humingi ng apela, dapat na magsampa ang kostumer ng isang pormal na reklamo sa pamamagitan ng sulat at malinaw na sabihin ang mga dahilan at isama ang lahat ng mga dokumentong susuporta sa apela. Ang anumang nakasulat na apela ay dapat ibigay sa Distrito sa:

East Niles Community Services District  
1417 Vale Street  
Bakersfield, CA 93306  
(661) 871-2011

Oras ng Opisina M-F (Lunes-Biyernes) 8:30 ng umaga - 5:00 ng hapon (maliban kung holiday)

## **MGA PAGKAKATAON KUNG KAILAN HINDI ITITIGIL NG DISTRITO ANG SERBISYO:**

Sa kabila ng nabanggit, hindi ititigil ng Distrito ang residensiyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay nakamit:

1. Ang kostumer, o tenant ng kostumer, ay nagbigay sa Distrito ng sertipikasyon mula sa isang primary care provider na nagsasabing ang pagputol ng serbisyo ng tubig ay maaaring maging banta sa buhay, o lubhang manganganib sa kalusugan at kaligtasan ng mga nakatira sa lugar na sineserbisuhan.<sup>1</sup>
2. Naipakita ng kostumer na wala siyang kakayanang pinansiyal na magbayad sa loob ng isang pangkaraniwang siklo ng singilan. Ang isang kostumer ay itinituring na walang kakayanang magbayad sa loob ng isang regular na siklo ng singilan kung ang isang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng benepisyong mula sa CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang ayuda, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplemental Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o ang kostumer ay nagdeklara na ang kanilang taunang kita ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.
3. Ang kostumer ay pumapayag na pumasok sa kasunduang plano ng amortisasyon o ibang paraan ng pababayad, o plano para sa pagpapaliban o pagbabawas ng bayarin

---

<sup>1</sup> "Ang Primary care provider (pangunahing tagapagkaloob ng pangangalaga)" ay tinukoy sa sub-talata (A) ng talata (1) ng subdibisyon (b) ng Welfare and Institutions Code Seksyon 14088(b)(1) alinman sa (A) internist, general practitioner, obstetrician-ginekologo, pedyatrisyan, manggagamot ng pamilya, mga praktista na hindi manggagamot, o mga klinika para sa pangunahing pangangalaga, klinika sa kalusugan ng mga kanayunan, klinika sa mga komunidad o klinika ng outpatient ng ospital na kasalukuyang naka-enrol sa programang Medi-Cal, na sumasang-ayon na magbigay ng pamamahala sa kaso ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal, O (B) Ang isang county o iba pang subdibisyong pampulitika na gumagamit, nagpapatakbo, o nakikipagkontrata sa, alinman sa mga pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga na nakalista sa sub-talata (A), sumasang-ayong gamitin ang pangunahing tagapagbigay ng pangangalaga para sa mga layunin ng pagkontrata sa ilalim ng artikulong ito.

na naaayon sa Patakarang ito.

Kung ang lahat ng tatlong kundisyong ito ay natugunan, maaaring hilingin ng kostumer na ang delingkwenteng singil ay mapasailalim ng amortisasyong babayaran sa loob ng labing dalawang (12) buwan. Ang tungkuling magpapatunay na natugunan ang mga kundisyong nabanggit ay nasa kostumer. Pagkatanggap ng mga dokumentong nagsasabing natugunan ang tatlong kundisyon, dapat suriin ng Tagapamahala ng Distrito ang mga dokumento at gumawa ng pagpapasiya sa loob ng pitong (7) araw ng trabaho mula sa petsa ng pagsumite upang humingi pa ng karagdagang impormasyon o tanggapin o tanggihan ang kahilingan.

Ang mga eksepsyon sa Patakarang ito na ituturing na karapat-dapat at naaangkop ay maaring tanggapin ng General Manager o ng kanyang itinilagang kinatawan depende sa kasong iharap.

### **HINDI NAKASUNOD SA PLANO NG AMORTISASYON:**

Kung ang kostumer ay hindi nakatupad sa kasunduang amortisasyon para sa mga delingkwenteng singil, o ang kostumer, habang nasa kasunduang amortisasyon para sa mga delingkwenteng singil ay hindi nakapagbayad ng kasalukuyang mga singil sa residensyal na serbisyo sa loob ng animnapung (60) araw o higit pa, ang residenyal na serbisyo ay ititigil nang hindi mas maaga sa limang (5) araw ng trabaho pagkatapos magpaskil ang Distrito ng 5-Araw na Huling Paunawa para sa pagtigil ng serbisyo sa isang lugar na kitang-kita sa nasabing pag-aari. Ang lahat ng nakaraang mga singil, kasama ang mga halagang nauna nang siningil, ay dapat bayaran upang maiwasan ang pagtigil sa serbisyo matapos ang pagpaskil ng isang limang (5-) araw na paunawa.

Kung naitigil na ng Distrito ang residensyal na serbisyo dahil sa hindi pagbabayad, bibigyan nito ng impormasyon ang kostumer sa kung paano ibalik ang residensyal na serbisyo.

### **MULING PAGPAPAKABIT NG SERBISYO:**

Sa ilalim ng anumang salungat na probisyon sa Patakarang ito, kung saan ang serbisyo ay naitigil dahil sa paglabag sa mga patakaran o dahil sa hindi pagbabayad ng mga dapat bayaran, ang Distrito ay sisingil ng mga dapat bayaran na nakasaad sa ibaba sa muling pagpapakabit ng serbisyo:

Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo (Regular na Oras) \$25.00\*

Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo (Pagkatapos ng Regular na Oras) \$75.00\*

*\* Kung ang aktwal na gastos ng muling pagbabalik ay mas mababa sa halaga sa itaas, ang mas mababang halaga ang itatala sa invoice at sisingilin.*

Bilang karagdagang Singil sa Pagbabalik ng Serbisyo, kung ang isang deposito ay wala pa sa talaan, dapat bayaran ang deposito. Gagawin ng Distrito ang lahat ng makakaya nito upang muling maibalik ang serbisyo sa araw ng kahilingan o sa susunod na araw ng trabaho. Ang kahilingan sa serbisyo ay dapat isumite bago mag-alas 2:00 ng hapon kung ang hiling ay maibalik sa araw kung kailan ito nais. Ang mga kahilingang isinumite makalipas ang alas-2:00 ng hapon ay magagawa sa susunod na araw ng trabaho.

Ang serbisyo sa tubig na muling ikinonekta ng ibang tao maliban sa mga tauhan ng Distrito o ibinalik nang walang pahintulot ng Distrito ay maaaring mapasailalim sa multa o karagdagang singil o bayad, pati na ang kriminal na pag-uusig para sa pagnanakaw ng tubig. Ang anumang mga pinsalang naganap bilang resulta ng hindi awtorisadong pagkakabit ng serbisyo ay responsibilidad ng kostumer.

### **SINGIL SA MGA IBINALIK NA TSEKE:**

Kung ang tsekeng natanggap bilang kabayaran sa mga singil ng Distrito, mga rate o singil at bayad para sa tseke ay tinanggihan ng bangko kung saan dapat itong makuha, nang dahil sa anumang kadahilanan, ang kostumer ay sisingilin ng kabuuang halagang nasa naibalik na tseke kasama ang aktwal na singil ng bangko para sa hindi napondohang tseke, at ang multang \$25 para sa ibinalik na tseke. Ang pagbabayad ng singil na ito ay dapat gawin ng cash o pondong sertipikado.

### **PAGNANAKAW NG TUBIG:**

Ang batas ng California, kasama ngunit hindi limitado sa seksyon 498, 624 at 625 ng Penal Code, ay nagsasaad ng iba't-ibang pamamaraan ng pagnanakaw ng tubig. Kapag ang pinaghihinalaang pagnanakaw ng tubig ay napag-alaman, ang mga kawani ng Distrito ay tatawag sa alagad ng batas. Ang pagnanakaw ng tubig ay maaaring magresulta sa paghahain ng demanda ng Distrito.

### **MGA SITWASYON NA LANDLORD-TENANT:**

Kung saan ang Distrito ay nagbibigay ng residensyal na serbisyo mga residensyal na naninirahang may kani-kaniyang metro sa detached single-family dwelling, o sa multiunit na residensyal na istruktura, mobile home park, o permanenteng residensyal na istruktura sa labor camp, at ang may-ari, tagapamahala, o ang nangangasiwa ng tirahan, istruktura, o parke ay ang kostumer sa talaan, ang Distrito ay magsisikap nang mabuti na maipaalam sa mga residensyal na naninirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na paunawa, kung kailan ang account ay delingkwente sa pagbabayad at ang serbisyo ay ititigil nang hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang mismong pagpapatigil. Ipaalam din sa nakasulat na paunawa sa residensyal na naninirahan na mayroon silang karapatang maging kostumer, na kung kanino ang serbisyo ay sisingilin, nang hindi kinakailangang bayaran ang kahit ano mang singil na dapat bayaran sa delingkwenteng account sa kundisyong makakapagbigay ang nangungupahan ng beripikasyon ng pangungupahan sa pamamagitan ng kasunduan sa renta o patunay sa pagbabayad ng renta.

Para sa multi-unit na complexes na mayroong master meter, ang Distrito ay hindi obligadong magbigay ng serbisyo sa mga residensyal na naninirahan maliban na lamang kung ang bawat isa sa mga residensyal na naninirahan ay papayag sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at makatutugon sa mga kinakailangan ng batas at ng mga tuntunin at regulasyon ng Distrito. Subalit, kung isa o higit pa ng mga residensyal na naninirahan ay nagnanais at may kakayanang panagutan ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account at tatanggapin ng Distrito, o kung mayroong pisikal na paraan para mapili ng Distrito na itigil lamang ang serbisyo sa mga residensyal na naninirahang hindi kayang tumugon sa kinakailangan ng tuntunin at regulasyon ng

Distrito, ipagkakaloob lamang ng Distrito ang serbisyo sa mga residensyal na naninirahang makakatugon sa mga nasabing kinakailangan.

Bago tumanggap ng serbisyo, ang bawat naninirahang aplikante para sa koneksyong nakametro ay kinakailangang magbigay ng depositong cash para maseguro ng kabayaran ng kanyang mga singil sa tubig na kinakailangan ayon sa Patakarang ng Distrito.

Sa kaso ng detached single-family dwelling, maaring kailanganin ng Distrito mula sa naninirahan sa magiging kostumer na beripikahin kung ang delingkwenteng account ng kostumer sa talaan ay ang landlord, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Maaring kasama sa pagbeberipika ang, ngunit hindi limitado sa, kasunduan ng pangungupahan, mga resibo sa binayarang renta, dokumento ng gobyerno na nagsasaad na ang naninirahan ay nangungupahan sa property, o impormasyon na naihayag na ayon sa Section 1962 ng Civil Code.

### **PAGUULAT NG MGA IPINATIGIL NA SERBISYO:**

Ang Distrito ay mag-uulat sa District Board of Directors ng bilang ng ipinatigil na residensyal na serbisyo sa kabuuan ng taon nang dahil sa hindi kakayahang magbayad at ito ay ilalathala din sa website ng Distrito.

### **PARA SA MGA KATANUNGAN O REKLAMO NG KOSTUMER:**

Anumang katanungan tungkol sa patakarang ito ay dapat gawin at ipaabot sa Distrito sa:

East Niles Community Services District

1417 Vale Street

Bakersfield, CA 93306

(661) 871-2011

Oras ng Opisina M-F Lunes 8:30 ng umaga - 5:00 ng hapon (maliban kung holiday)

Kung hindi nagkasundo ang kostumer at ang kawani ng Customer Accounts ukol sa reklamo sa singil sa kostumer, maaaring magsumite ng reklamo ang kostumer sa Punong Tagapamahala. Kung ang kostumer at ang Punong Tagapamahala ay hindi rin magkasundo tungkol sa reklamo ng kostumer, maaaring magsumite ng reklamo ang kostumer sa Board of Directors sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na reklamo. Ang desisyon ng Board of Directors ay pangwakas.